

# I

Nakapangingilabot ang paghagupit ng malakas na hangin sa bintana ng bahay ng tinitirhan ni Iris. Kahit na nga ba ang bahay niya ay yari sa konkreto, ramdam pa rin niya ang malakas na paghagupit ng *Bagyong Karding* sa kanilang lugar. Lumalangitngit ang mga yero sa bubong at naririnig niya ang mga kaluskos at pagbagsak ng tila maliliit na bato roon.

Gabi na pero hindi siya makatulog dahil sa kaba.

Nagising ang kanyang diwa nang marinig ang malalakas na katok sa pinto. Walang lakas

ng loob si Iris na pagbuksan ang nilalang na nasa labas. Tahimik siyang naupo sa sofa sa kanyang sala at binasa ang dumating na mensahe sa kanyang cellphone. Galing sa *NDRRMC*.

Signal No. 3 sa kanilang lugar.

Buti na lang at naghanda siya para sa parating na bagyo, kampante siyang hindi siya mawawalan ng pagkain sa mga susunod na araw. Wala siyang balak lumabas hangga't hindi natatapos ang bagyo.

Ini-off niya ang hawak na cellphone upang i-conserve ang battery nito.

Naisip niya kung sino ang posibleng kumakatok kanina. Sabihin nang wala siyang awa, pero hindi siya magpapapapasok ng estranghero sa kanyang bahay kahit na kasagsagan ng bagyo. She lived alone. At kahit na may kasama pa siya, delikado na ang panahon ngayon.

Ipinikit niya ang mga mata at nagsimulang ihele ang sarili. Sa sofa na lamang siya matutulog. Napadilat siya nang marinig na sumara ang pinto. Hinagip niya ang flashlight na ipinatong niya sa center table at ini-on iyon.

Napatutok ang liwanag ng flashlight sa

isang pares ng mga paa, basa at nakayapak, umaagos doon ang tubig mula sa maong pants na puno ng putik.

Hindi magawang itaas ni Iris ang hawak na flashlight dahil alam niya na kung ano ang pumasok sa bahay niya nang walang pahintulot. Ang ganitong pangyayari ay hindi na bago sa kanya. Pero kahit kinalakhan na niya ang ganitong eksena, hindi pa rin niya maialis sa sarili ang hindi kilabutan at kabahan.

Ini-off niya ang flashlight at ibinalik iyon sa mesa. Sumandal siya sa sofa at muling ipinikit ang mga mata. Nasanay na siyang huwag bigyan ng atensyon ang mga ganoong bagay sa paniniwalang hindi sila manggagambala kung ipapakita niyang hindi niya nakikita ang mga ito.

"Pahingi naman ng towel, o."

Nanindig ng kanyang balahibo. Nang makabawi ay dali-dali niyang hinagip ang flashlight at itinutok ang ilaw sa nagsalita.

Isang lalaki. Bahagyang nakatakip ang isang kamay nito sa mga mata, sinasanggahan ang liwanag na galing sa flashlight. Nakasuot ito ng itim na jacket at maong na pantalon.

“Paano ka nakapasok?” tanong niya. Sigurado na siyang hindi ito kakaibang nilalang.

Bahagyang sinuklay nito ng mga daliri ang basang buhok na may kahabaan. “Hindi naka-lock ang pinto mo. Listen, hindi ako masamang tao. As a courtesy, iniwan ko ang mga sapatos ko sa tabi ng pinto dahil ayokong madumihan ang sahig mo. Maputik kasi sa labas.”

Napansin ni Iris na medyo nanginginig na ito sa lamig.

Tumungo siya at inabot ang sewing kit na nasa ilalim ng center table. May maliit na gunting doon. It wouldn’t do much damage, but it was better than nothing. Lalo na at malaking lalaki ang kaharap niya.

Iniumang niya ang gunting dito. “Huwag kang lalapit.”

“Please, hindi ako masamang tao. I’m looking for someone. May nagsabi sa akin na dito ko siya matatagpuan.”

Hindi pa rin niya ibinaba ang gunting.

“I am Hiro Hernandez. Former *NBI* Agent. You can check my identification card if you want.”

May dinukot ang lalaki sa bulsa at inihagis

iyon sa kanyang harapan. Isang wallet na itim. Pabuka iyong bumagsak sa tabi niya sa sofa. Itinutok niya roon ang ilaw. Nakasuksok sa kanang bahagi ng pitaka ang isang ID na pamilyar sa kanya at sa kaliwang bahagi ay isang wallet-size picture ng isang magandang babae.

Ibinalik pang muli ni Iris ang tingin sa lalaki bago itinabi ang gunting. Ipinatong niya ang nakabukas na flashlight at sa mesa.

"Sandali lang, ikukuha kita ng towel." Pumasok siya sa kuwarto niya upang kumuha ng tuyong damit at towel. Mabuti na lamang at mahilig siyang magsuot ng mga damit na malalaki at maluluwang kahit na masasabing petite ang kanyang katawan. Humablot siya ng isang T-shirt at pajamas sa cabinet saka lumabas.

Iniabot niya ang mga damit sa lalaki at itinuro ang pinto ng banyo. "Puwede kang maligo kung gusto mo. Doon ang banyo. Kailangan mo ng flashlight?"

Umiling ito. "Gagamitin ko na lang ang cellphone ko. Salamat."

Nang mawala sa kanyang paningin ang lalaki, kinuha ni Iris ang pitakang hindi

man lang pinagkaabalahang itabi ng may-ari at inilagay iyon sa lamesa. Nagtungo siya pagkatapos sa kusina na kadugtong lang din ng sala. Pinaghihiwalay iyon ng munting partition, mula sahig hanggang kisame.

Nagsalang siya ng tubig sa takure at kumuha ng mugs at kutsara. Ang kalansing ng kutsara sa mga boteng lagayan ng asukal at ng kape ang pumalit sa langitngit ng mga yero at dagundong na kulog. Tila tumahimik ang gabi sa pagdating ng kanyang bisita. Ultimo paglipat ng segundong kamay ng orasan ay maliwanag niyang naririnig.

Iginala niya ang mga mata at sinilip ang sala. Hinagip niya ang kanina ay binitbit na flashlight at itinutok ang ilaw sa center table. Wala na roon ang wallet.

Nanlamig si Iris nang maramdamang tila may nakatayo sa likuran niya.

Inilipat niya ang tingin sa pinto ng banyo. Imposibleng si Hiro Hernandez ang nasa likuran niya dahil sigurado siyang nasa loob pa ito ng banyo.

Ipinikit ni Iris ang mga mata at pabulong na umusal ng dasal. Hindi na bago sa kanya na may mga nilalang na basta na lang

sumusulpot sa kanyang likuran. At dahil sa dati niyang trabaho, sanay siyang maging alerto, at mapag-obserba siya. Matalas ang kanyang pakiramdam, mabilis kumilos.

Kung sa trabaho, hindi siya magdadalawang-isip na harapin ang sinumang tuma-target sa kanya. Pero hindi iyon ginawa ni Iris ngayon.

Nanatili siyang nakapikit, nagdadasal na lumabas na sa banyo ang lalaking kani-kanina lamang ay ayaw niyang papasukin. Lalong tumindig ang kanyang balahibo nang may dumampi sa kanyang balikat. Hindi siya lumingon. Sa dampi pa lang, alam na niya kung ano ito.

Nakapangingilabot.

"Okay ka lang, miss?"

Nang marinig ni Iris ang boses na iyon ay mabilis siyang tumango. Nakakatawang pamilyar na siya agad sa boses ng lalaki gayong noon lamang niya ito nakilala. Iminulat niya ang mga mata at natunghayan ang mukha na masasabing guwapo. Pero hindi iyon ang oras para humanga sa kung sino. Lumingon siya para alamin kung naroon pa ang nilalang na naramdaman kanina, pero mga kasangkapang

nakahilera sa counter ng kusina niya ang tanging naroon.

Nang marinig na sumisipol na ang takure, indikasyong kumukulo na ang tubig, ay agad niyang pinatay ang kalan at kumuha ng basahan para isalin ang tubig sa mugs na nakahanda sa dining table. Isinalin niya ang natirang tubig sa thermos.

Itinulak niya ang tasa ng tinimplang kape sa lalaki at inimbitahan itong maupo. "You said you're looking for someone. Sino?" Naupo siya sa tapat nito.

"Iris Cornelia. Dati siyang second lieutenant sa Criminal Intelligence Division," sagot nito habang nakatitig sa kanya.

"Who told you na dito mo siya makikita?"

"Mind if I protect my source for now?"

Mataman niyang tinitigan ang lalaki. Posible kaya na hindi nito alam ang hitsura niya? If he really worked for the *NBI*, chances were he saw her files and knew what she looked like. If that was the case, why bother pretending that he didn't *know* her?

"Why are you looking for her?"

Matagal bago ito sumagot, parang pinipili pa ang mga salitang dapat sabihin. Nagkaroon

tuloy siya ng pagkakataong pag-aralan ang kausap. Kayumanggi ang kulay ng balat nito, itim ang buhok, may pagkasingkit ang mga mata, at matangos ang ilong. Maganda ang korte ng mga labi nito at perpekto ang hugis ng panga. May kakapalan ang mga kilay ng lalaki at sa lapit ay nakikita niyang mahaba ang pilik-mata nito.

Nagsimula itong magsalita. "I heard that she's good at finding…missing people. Hindi ko na siya naabutan sa bureau. I was told she resigned just before I got hired."

"And you didn't even bother knowing what she looked like bago mo siya hanapin?"

Tumingin ang lalaki sa kanya. "I did. It's you. I sent you an e-mail."

Tumaas ang isa niyang kilay sa sagot nito. "Haven't checked. Maghapong walang Internet connection. You got my e-mail address from your source?"

Kung ganoon ay tama ang duda niya na alam ng lalaki na siya ang hinahanap nito. Iniiwas niya ang mga mata at napatingin sa mesa sa sala. Napakunot ang kanyang noo dahil naroon ang wallet sa dating posisyon nito.

Hindi nito sinagot ang tanong niya. "I know this is so sudden, but I'm really desperate. That's why I came here kahit alam kong aabutin ako ng bagyo."

Ibinaling niyang muli ang tingin sa kausap. "Matagal ko nang hindi ginagawa 'yun. Isa pa, gaya ng alam mo, wala na ako sa serbisyo. Ganoon ka rin. Don't you think you should leave it to the authorities?"

Umasim ang mukha ng lalaki. "Naging bahagi ka rin ng gobyerno. Alam mo kung gaano kabulok ang sistema, kung gaano kabagal ang hustisya." Tumitig ito sa kanyang muli bago nagpatuloy. "Kaya ka kilala sa bureau ay dahil bukod sa mabilis mong naso-solve ang missing persons cases, hindi ka rin namimili."

Lumipat ang tingin ni Iris sa tasa sa kanyang harapan. Ang usok ng kanyang kape ay humahalo at nawawala sa dilim ng gabi, tila naging insenso na nagpabalik ng ilang alaala sa kanyang isipan.

Mga alaalang ayaw niya nang balikan. Alaalang sinusubukan niyang talikuran. Pero heto ngayon sa harap niya ang isang lalaking pinipilit siyang tanawin iyon.

Huminga siya nang malalim at iwinaksi ang

mga bagay na gumugulo sa kanyang isipan. Humigop siya sa kanyang tasa at nagsalita.

"I'm guessing you resigned to look for someone else? Other than me, I mean."

Tumango ang lalaki. "Gusto kong ituon ang lahat ng oras ko sa paghahanap sa kanya, kung puwede rin lang."

Hindi man niya itanong ay batid ni Iris kung gaano kahalaga kay Hiro ang taong hinahanap nito. Sa paglungkot pa lamang ng mga mata nito at sa ginawa nitong pagsugod sa bagyo ay sapat nang patunay na desperado nga ang lalaki.

Paano niya ba sasabihin dito na kailangan niyang tanggihan ang pakiusap nito?

"Handa akong magbayad ng malaking halaga. Please, help me." Napansin siguro ng lalaki na medyo nainsulto siya nang banggitin nito ang tungkol sa pera. "I didn't mean to offend you…"

Huminga siya nang malalim at umiling. "I'm really sorry, pero hindi kita matutulungan."

Nangibabaw ang katahimikan sa pagitan nila.

Tumayo siya upang ilagay sa lababo ang tasang hawak niya.

“Why did you resign?” he asked.

Humarap siya rito at sumandal sa counter. Ipinagpapasalamat niya na madilim dahil hindi niya nais na makita nito ang ekspresyon ng kanyang mukha.

“I don’t think we’re close enough for me to answer that. Pasensya na talaga, Mr. Hernandez. Hindi talaga kita matutulungan. You can stay the night, sleep on the couch. Pero sana bukas, wala ka na.”

Pagkatapos bigyan ng unan at kumot ang lalaki ay bumalik na si Iris sa kanyang kuwarto. Ini-lock niya ang pinto bago siya nahiga. Nakaramdam siya ng kaunting guilt sa pagtanggi, lalo na at nakikita niya ang sarili sa lalaki. Pero hindi niya hahayaang lumambot ang puso sa pakiusap nito. Mas makabubuting sa iba na lamang ito humingi ng tulong. Maraming imbestigador ang maaaring tumulong dito.

Mukhang marami rin itong pera. Tingin niya nagtrabaho lang ito sa *NBI* dahil inisip nitong mas mapapadali ang imbestigasyon kung naroon ito sa ahensya. Pero nag-resign din nang hindi umusad ang kaso na gusto nitong maresolba.

# II

Nang dumating ang umaga ay wala na nga ang lalaki.

Marahil dahil sa puyat ay hindi na niya namalayan ang pag-alis nito. Ang kalakasan ng bagyo ay humupa na at umaambon na lang sa labas nang sumilip siya.

Alas ocho na pero medyo madilim pa rin ang paligid. Malamig kaya nagsuot siya ng hoody bago lumabas upang tingnan kung may nasira sa kanyang bahay. Bago lumabas ay napansin niya ang tasa sa dining table at napasimangot nang makitang hindi man lamang nagalaw ang laman niyon kagabi. Iniligpit niya iyon at

iwinaksi sa isip ang lalaki.

Hawak ang payong sa kaliwang kamay, binaybay niya ang makitid na daanan paikot sa kanyang bahay.

Ang loteng kinatitirikan ng bahay niya ay may sukat na seventy square meters. May mga puno at halaman sa paligid at karamihan sa mga iyon ay pinadapa ng nagdaang bagyo. Maluwang ang kanyang bakuran. Kasinghaba ng isang sasakyan ang pagitan ng kanyang bahay mula sa bakod nito. Sa gawing likod ay may dalawang puno ng mangga na may lumang duyan sa pagitan.

Nagkalat ang nalaglag na dahon at maputik ang daan. Mabuti na lamang at wala halos naging damage sa bahay bukod sa isang sulok ng gutter na naalis sa pagkakakabit sa bubong.

Nang masiguro niyang maayos ang lahat ay pumasok na siya sa bahay gamit ang pinto sa likod, papunta sa kusina. Binuksan niya muna ang pinto bago isinara ang payong at ipinagpag iyon, saka humakbang papasok. Natigil ang paghakbang niya nang batiin siya ng malamig na hangin. Hangin na galing mismo sa loob ng kanyang bahay.

Napako siya sa kinatatayuan nang makita ang isang babaeng nakaupo sa kanyang sofa. Mahaba at maganda ang buhok nito. Halos likod lamang nito ang nakaharap sa kanya. Tila may sinisilip ito sa bintana. Nakasuot ito ng beige na damit na sumasayad sa sahig. Ang mga kamay nito ay maayos na nakapatong sa mga tuhod. Bumigat ang pakiramdam ni Iris nang makitang basang-basa ang babae habang kampanteng nakaupo sa kanyang abuhing sofa.

Dahan-dahan siyang humakbang palabas, at muling isinara ang pinto. Ibinukas niyang muli ang payong at naglakad patungo sa puno ng mangga kung saan nakasabit ang basang duyan. Walang pag-aalinlangan siyang naupo. Marahan niyang idinuyan ang sarili habang nakatingin sa kanyang bahay.

Kagabi lamang ay may isang lalaking basang-basa rin sa ulan ang pumasok sa kanyang bahay.

At ngayon naman ay isang babae. Nakahinga siya nang maluwag na hindi siya pinansin ng multo. Ayaw na ayaw ni Iris na nakikitang lumilingon ang mga tulad nito dahil minsan ay nakasaksi siya na umikot

muna ang ulo nang maraming beses bago nakapangingilabot na ngumiti sa kanya. Ayaw niyang nagpapakitang-gilas ang mga ito nang ganoon.

Batid agad ni Iris na hindi na buhay ang bisita niya ngayong umaga. Iyon ang dahilan kaya hindi muna siya tumuloy sa loob ng bahay.

Nakasukbit ang payong sa kanyang balikat habang nagduduyan siya. Bahagyang nababasa ang mga tuhod niya sa manakanakang pagpatak ng tubig mula sa mga dahon ng mga punong mangga. Ang maputik niyang bota ay namimigat. Kasabay ng maingay na pagtilaok ng manok sa kung saan, tila isang parte ng langit ang nagbukas at bahagyang sumilip ang araw mula sa likod ng mga ulap.

Napansin din ni Iris ang ilang kapitbahay na nasa labas, malamang para tingnan ang paligid. Malayo ang bahay ng mga ito sa kanya, maluluwang ang mga lote. Ang barrio na tinitirhan niya ay medyo liblib at madalang ang mga kabahayan, tahimik at simple ang pamumuhay. Iniisip niya kung may sasakyan ba ang lalaki kagabi, kung saan ito nag-park.

Lingguhan ang punta niya sa bayan upang

mamalengke. Minsan, isinasabay na niya ang pagbabayad ng kuryente at tubig.

Malaki pa ang savings niya galing sa dating trabaho. Kilala siya bilang magaling na agent, partikular na sa pagresolba ng mga missing persons cases at ng mga kaugnay na kaso. Aaminin niyang nakatulong doon ang espesyal niyang kakayahan: Ang kakayahang makakita ng mga kaluluwa.

Namana niya iyon sa kanyang namayapang lolo. Anim na taon siya nang maintindihan na ang mga batang kalaro niya ay hindi normal. Ilan sa mga ito ay nakayapak at madudungis, maitim ang mga kuko, maputla ang balat, at halatang-halata ang nangingitim na ugat sa buong katawan.

Naalala ni Iris na noong una ay nakikipag-usap pa siya sa mga ito. Sumasagot ang mga ito nang hindi bumubuka ang mga labi. Ang walang-muwang niyang isip ay inakalang normal na mga bata ang kanyang kalaro. Nalaman niya lamang na hindi sila nakikita ng karaniwang tao nang minsang isama niya ang ilan sa kanilang bahay. Ang tanging nakapansin sa mga ito ay ang kanyang lolo. Agad nitong itinaboy ang mga kalaro niya at

mabilis siyang pinapasok sa bahay.

Sinabi nito sa kanyang mga magulang ang kakayahan niya. Simula noon ay parati na siyang pinagrorosaryo ng kanyang ina sa harap ng kanilang altar tuwing alas seis, umaga at hapon. Ngunit batid nilang kahit ilang taon niyang gawin ang bagay na iyon, hindi na maisasara ang kanyang third eye. Katulad ng kanyang lolo.

Lumaki si Iris na may malawak na mundo, isang mundo na iba sa normal, at mundo na mas maraming tao—o dating tao. Natuto siyang balewalain ang mga hindi dapat bigyan ng pansin. Sinubukan niyang mamuhay nang normal, ngunit parang ipinapakita ng mundo kung saan siya dapat nakatayo: sa pagitan ng mga patay at mga buhay.

Pilit siyang itinutulak sa klase ng buhay na gusto niyang talikuran.

Nagsimula iyon nang magkaroon ng kaguluhan dahil sa pagkawala ng isang estudyante sa dormitory na tinutuluyan niya nang nag-aaral pa siya sa kolehiyo.

Siguro iyon ang dahilan kung bakit nalinya siya sa dating trabaho.

*Maganda ang panahon. Pangkaraniwang*

*araw para kay Iris.*

*Nakasilip siya sa isang bintana ng kanilang classroom at nagmamasid sa asul at maaliwalas na kalangitan. Ugali niya ang laging umupo sa pinakagilid ng kuwarto kahit medyo hindi niya makita nang maayos ang isinusulat sa blackboard.*

*Kasalukyang nagpapaliwanag ang professor nila sa Psychology, ngunit wala rito ang atensyon niya. Natatakpan ang upuan niya ng dalawang kaklaseng lalaki. Napansin niya ang isang kaklaseng babae na nakaupo sa unang hilera ng mga upuan sa harapan. Mataman itong nakikinig sa sinasabi ng guro. Napangiti siya sa tiyaga nito sa boring na lecture at naisip na hiramin na lamang ang notebook nito upang kumopya ng notes. Sa subject lang na iyon sila magkaklase, pero magkakilala at magkaibigan sila dahil sa iisang dormitory sila nakatira at magkalapit ang mga kuwarto nila. May iba pa siyang kaklase sa subject na iyon na kasama niya rin sa dorm, pero hindi niya gaanong ka-close. Nang matapos ang klase, nagmamadaling lumabas ang karamihan sa mga estudyante. Isinukbit ni Iris ang bag at nilapitan ang kaibigan.*

*Nagtataka man kung bakit nananatili itong nakaupo ay ipinagpasalamat na lamang niya iyon. Hindi niya ito kailangang habulin. Hassle pa kung sa dorm niya ito aabalahin.*

*Nakamasid lang si Riva sa mga kaklase nilang lumalabas.*

*Tinapik niya ito sa balikat. "Uy!" Tumingin ito sa kanya. Ngumiti si Iris. "Pakopya naman ako ng notes!" Umiling ito. "Hindi ka nag-notes?"*

*Umiling itong muli.*

*"Ayos ka lang ba?" tanong niya.*

*Tumango lamang ang babae at tumayo na para lumabas ng classroom. Napatingin siya sa relo at nakitang magsisimula na ang sunod niyang klase. Lumabas na rin siya ng classroom para pumunta sa sunod niyang subject.*

*Natapos ang lahat ng klase niya nang alas seis ng hapon. Mabilis siyang nakauwi dahil ang dormitory na tinitirhan niya ay nasa loob lang ng unibersidad na pinapasukan niya.*

*Kinabukasan, bandang alas nueve ng umaga ay narinig niya ang kaguluhan sa labas ng kuwarto. Nagtatanong ang mga mata ng kasama niya sa silid. Bagong gising lang ito.*

*Nagkibit-balikat siya at lumabas upang alamin kung ano ang nangyayari. Alas cuatro*

*pa ang klase niya kapag ganoong araw, at isang subject lang. Ang kasama naman niya ay buong araw na walang pasok.*

*Nasa 4th Floor sila. Sa dulong bahagi ng hallway ay nagkakaingay ang dormmates nila. Nakabukas ang isang pinto at nasa mukha ng mga nasa paligid ang sindak.*

*Kasunod si Marianne na kasama niya sa kuwarto ay nakiusyoso si Iris.*

*"Ano'ng meron?" tanong niya sa nasa pinakamalapit.*

*"Kuwarto nila Ate Riva 'yan, hindi ba?" sabat ni Marianne na pilit sumisilip sa pintuan.*

*"May mga pulis," sagot ng isa.*

*"Bakit? Ano'ng nangyari?" tanong pa ni Iris, may halong pangamba sa narinig at hindi maiwaksi sa isip ang naging pag-uusap nila ni Riva pagkatapos ng klase.*

*"Nawawala daw si Riva. Limang araw na daw, nagpunta na 'yung mga pulis para mag-imbestiga. Tinatanong iyong mga kasama niya," sagot ng isa pa.*

*"Ha? Nakita ko pa siya kahapon sa Psychology class, kinausap ko pa nga siya..." Parang binuhusan ng malamig na tubig si Iris.*

*Hindi siya dapat agad nagsalita.*

*Dapat nahalata niya agad na may mali nang manatiling di umiimik si Riva kahapon. Hindi ito nag-notes.*

*"Sigurado ka? Hindi namin siya nakita…" komento ni Sanya, kaklase rin nila sa nasabing subject. Ang katabi nitong Wena ay nakatitig din sa kanya nang may pagtataka.*

*Ang lamig na naramdaman niya ay naging mabigat at nakakapanlambot. Sinabi niya sa sarili na hindi iyon posible. Hindi pa patay ang kaibigan niya. Buhay pa si Riva.*

*Ngunit higit kaninuman, batid niya ang ibig sabihin ng nakita. Nanginginig na inihakbang niya ang mga paa upang lumayo, ngunit napatda siya nang may magsalita.*

*"Narinig namin ang sinabi mong nakita mo si Miss Rivalyn Gomez. Puwede ka ba naming makausap? Iniimbitahan ka namin sa presinto." Humarap siya sa babaeng officer. Nakauniporme ito ng pampulis.*

*Takot at kaba ang lumukob sa kanya. Ang kapaligiran ay natahimik at natuon sa kanya ang mga matang mapanuri, nanghuhusga.*

*Tumango na lang si Iris.*

*Walang rason para hindi siya sumama. Kung dahil sa mga salitang sinabi niya ay*

*naging isa siya sa mga suspek sa pagkawala ng kaibigan, mas lalong dapat siyang sumama upang ipakita na wala siyang kinalaman.*

*Ngunit hindi pa rin niya maialis sa sarili na sa mga oras na iyon, ang nais niya lamang ay tumakbo at magtago. Iniisip ba nilang may kinalaman siya sa pagkawala ni Riva? O iniisip nilang kakaiba siya at hindi normal?*

*Hindi sigurado si Iris kung alin ang mas pipiliin niya sa dalawa. Ang normal na buhay na pilit niyang pinoprotektahan ay nasa bingit ng pagkasira.*

*Walang ibang dala si Iris kundi ang cellphone na nasa bulsa ng suot niyang jogging pants.*

*Alam niyang dahil sa sinabi niya ay nagduda ang mga pulis at mga kasamahan sa dorm sa kanya. Kahit pa sabihin niya na mayroon siyang ibang kakayahan, malabong paniniwalaan siya ng mga tao sa paligid niya. Iisipin lang ng marami na nababaliw na siya kung di man may kinalaman talaga sa nangyaring krimen.*

*Agad nilang narating ang presinto.*

*Nagpakilala ang pulis bilang si SPO1 Gwen Madrigal. Kinabahan si Iris dahil parang hindi*

*simpleng interview ang gagawin sa kanya. Iniwan siya ng pulis at may kalahating oras ang lumipas bago ito bumalik.*

*"Puwede mo bang sabihin kung kailan at saan mo siya huling nakita?" simulang tanong sa kanya ni SPO1 Madrigal na may hawak na notebook at ballpen.*

*Tumango si Iris. "Magkaklase po kami sa Psychology 101. Akala ko siya 'yung nakita ko kahapon."*

*Tumitig sa kanya ang babae bago sumandal sa upuan nito at pinagkrus ang mga braso sa harapan. "Akala? Narinig kita nang sinabi mong kinausap mo pa siya. Mukhang hindi ka nagkamali, Miss Cornelia."*

*Napabuntong-hininga si Iris. Paano ba niya ipapaliwanag na multo ni Riva ang nakita niya?*

*Mataman ang tingin sa kanya ni SPO1 Madrigal. Walang bahid ng pag-aakusa o iritasyon sa mabait nitong mukha.*

*Tumingin siya sa mga mata ng kaharap. "Wala po akong kinalaman sa pagkawala niya. Huli ko siyang nakausap ay noong isang linggo pa."*

*"Pero sinabi mo kaninang nakausap mo siya kahapon."*

*"Multo niya ang nakausap ko kahapon. Kanina ko lang natiyak 'yun n'ung malaman kong limang araw na pala siyang nawawala."*

*"Multo? Sinasabi mo bang nakakakita ka ng kaluluwa ng mga namatay na?"*

*"Hindi ko kayo pipiliting maniwala."*

*"Sabihin na nating nakakakita ka ng mga kaluluwa. Ano'ng sinabi sa 'yo ng multo ni Riva?"*

*Umiling siya. "Wala siyang sinabi."*

*Bagay na ipinagtaka niya. Ang isang kaluluwa na nabigyan ng pansin ng isang tao, madalas ay lumalapit dito, humihingi ng tulong. Dahil ang mga bagay na hindi nakikita ng karaniwang tao ay madalas nawawalan ng halaga at nalilimot pagdaan ng panahon. At ang mga taong katulad niya ay nagsisilbing tulay para ang kanilang alaala ay manatili. Hahabulin ka nila hangga't hindi sila nakakatawid o napapalaya ng mga bagay na nagtatali sa kanila sa mundo ng mga buhay. Minsan ay gagambalain ka nila.*

*Gusto man niyang pagbigyan ang mga ito, hindi niya malimot ang laging sinasabi ng lolo niya sa kanya.*

"Ang mga nabubuhay ay hindi dapat

nakikihalubilo sa mga patay. Kapag pinapasok mo sila sa buhay mo, didikit sa 'yo ang kamatayan."

*Kaya natuto siyang balewalain ang mga nakikita. Gayunpaman, hindi sila nawawala, bagkus ay nakamasid lang, nagbabantay. Tila naghihintay kung kailan niya bibigyan ng pansin.*

*Mapalad ang mga hindi bukas ang third eye. Wala silang nalalaman.*

*"Miss Iris!"*

*Kinatok ni SPO1 Madrigal ang mesa at napatingin siya rito.*

*"Ayos ka lang ba?" tanong nito.*

*"Ayos lang po," mahina niyang sagot.*

*Narinig niya ang buntong-hininga nito.*

*"So walang sinabi sa 'yo ang multo ni Riva?"*

*Talaga bang naniniwala ito na patay na si Riva at multo na lamang nito ang nakita niya?*

*Umiling siya. "Wala po."*

*Parang naubusan ng pasensya ang babae. "Hindi ka man lang ba nag-aalala sa kaibigan mo?"*

*Nagliyab ang apoy sa kanyang mga mata. Alam niyang rumehistro ang galit sa kanyang mukha.*

*Marahas niyang naituon ang mga palad sa mesa. "Gusto ko ring malaman kung bakit ngayon lang kayo nag-iimbestiga. Kailan pa ba siya nai-report na nawawala? Alam nating pareho na hindi ako dapat iniinteroga rito pero mukhang wala kayong ibang lead sa kaso." Iris should know. Pulis din ang lolo niya.*

*Parang napahiya ang kaharap. Inabutan siya nito ng box ng tissue. Saka lang naramdaman ni Iris na basa na pala sa luha ang mga pisngi niya. Dinudurog ang puso niya para sa kaibigan. Hindi niya matanggap na patay na ito at nawawala pa.*

*Sa halip na magtanong pa ay nagboluntaryo ng impormasyon ang pulis. "Limang araw nang nawawala si Miss Rivalyn Gomez. She was reported missing forty-eight hours after her disappearance. Bago kahapon, kinontak ka ba niya?"*

*Umiling si Iris. "Bihira kaming mag-communicate through phone dahil magkapit-kuwarto lang naman kami sa dorm."*

*"At ang pagkakakita mo sa kanya kahapon?" maingat na tanong ni SPO1 Madrigal.*

*Tinitigan niya ang pulis. "Hindi ka naniniwala sa multo."*

*Tumaas ang kilay ng babae. "Mas maniniwala ako sa sasabihin mo kaysa sa sasabihin nila, Miss Iris. Iyon ay kung totoo sila."*

*"Kung ganoon, maniwala ka sa akin. Nakakakita ako ng mga multo."*

*"At nakita mo ang multo ni Riva?"*

*Tumango si Iris. Kanina pa sila paulit-ulit.*

*Tila napagod na muling sumandal sa upuan ang pulis. Parang gusto nitong umismid, tumawa.*

*Hindi ito ang unang beses na nagsabi siya sa ibang tao ng kanyang sekreto. Karaniwang reaksyon na nakukuha niya ay ang pagtawa ng kausap o ang sabihan siya na mahilig pala siyang magbiro o di kaya ay manakot. Samakatuwid, wala pang sumeryoso sa kanya pagdating sa bagay na iyon. Napag-iisipan lang siyang weirdo.*

*"Kung iyong nakita mo ay isang multo, ang ibig mo bang sabihin ay patay na si Miss Gomez?"*

*Tumango siya ulit.*

*Bumuntong-hininga ang pulis. Mukhang tapos na ito sa pag-i-interview sa kanya. "Sige. Pakihintay mo ako. Ihahatid ka namin sa dorm*

*mo."*

*"Gusto kong tumulong sa paghahanap sa kanya."*

*Bumaling sa kanya si SPO1 Madrigal na noon ay nakatayo na. "Paano mo gagawin iyon?"*

*"Kung makikita ko siya ulit," maikling sagot ni Iris.*

*Hindi niya na muna iisipin kung anuman ang kalalabasan ng pakikihalubilo sa mga patay. Ang mahalaga ay ma-solve ang kaso ng kaibigan at mabigyan ng closure ang pamilya nito kahit paano.*

*"Saan mo siya hahanapin? I mean…'yung kaluluwa niya?" tanong ni SPO1 Madrigal na may kasamang pagngiwi.*

*"Usually, ang mga kaluluwa, tumitigil sila sa lugar kung saan sila namatay o bumabalik doon sa lugar kinalakhan nila o kung saan sila madalas makita noong nabubuhay pa sila. Minsan naman, dumidikit sila mga taong naiwan nila, sa mga taong may galit sila, o sa mga taong katulad ko."*

*"Katulad mo?" ulit ni SPO1 Madrigal.*

*Tumango si Iris. "Katulad kong nakakakita*

*sa kanila. Gusto nila ang mga katulad ko. Siguro dahil pakiramdam nila buhay pa rin sila kapag alam nilang nakikita sila ng tulad namin."*

*Napansin ni Iris ang bahagyang takot na dumaan sa mga mata ng kausap.*

*"May nakikita ka bang kakaibang nilalang dito sa loob?" tanong ng pulis.*

*Ang totoo ay mayroon, pero umiling lang si Iris.*

*Bago sila naghiwalay ay ipina-save ni SPO1 Madrigal sa kanya ang cellphone number nito. Ito raw ang tawagan niya kung may bago siyang impormasyon. Huwag daw siyang kikilos ng maaaring ikapahamak niya. Hindi niya alam kung naniniwala ito sa kanya o naaawa.*

*Ang natitiyak niya, desidido siyang tulungan ito na malutas ang kaso ni Riva. Iyon ay kung makikita pa niyang muli ang multo ng kaibigan. At kung makikipag-usap ito sa kanya.*

# III

Nabalik sa kasalukuyan ang isip ni Iris nang marinig ang tunog ng nagsisibak ng kahoy. Iginala niya ang paningin at nakita ang isang kapitbahay na tinataga ang nabaling puno ng malunggay sa bakuran nito. Naramdaman marahil ng matanda ang titig niya at lumingon ito sa kanyang gawi, ngunit agad din nitong iniiwas ang tingin nang magtama ang mga mata nila.

Pakiramdam niya ay iniiwasan siya ng mga kapitbahay. O siguro, mas tamang sabihin na ilag siya sa mga ito at siya ang umiiwas kaya hindi niya masisisi ang mga tao roon kung

ganoon man ang maging pakikitungo sa kanya. Kung tutuusin, pabor kay Iris ang hindi nila pagpansin.

Alam niyang may kumakalat na sabi-sabi na mangkukulam siya o mambabarang. Ipinaabot iyon sa kanya ng tinderang regular niyang binibilhan sa palengke. Binalewala lamang iyon ni Iris.

Tumayo siya at nagdesisyong pumasok na sa bahay. Hindi na umaambon. Itiniklop niya ang payong at binaybay muli ang daan patungo sa backdoor. Huminga muna siya nang malalim bago pinihit ang doorknob.

Ang babaeng nakaupo sa sala ay wala na. Iginala niya ang mga mata sa buong kabahayan at nakahinga nang maluwag nang maramdamang wala nang kakaiba sa loob ng tahanan niya. Nagtungo siya sa banyo upang maghugas ng mga paa pagkatapos ay nagsimulang magluto ng kanyang agahan. Sinangag na kanin, piniritong itlog, saka tuyo, at isang tasang kape. Nagsimula siyang kumain.

Ngunit ang kampanteng pakiramdam ay napalitan muli ng panlalamig nang

maramdaman niya ang isang pares ng mga mata na nakatitig sa kanya. Natigil ang pagsubo niya at iniangat ang tingin sa harapan. Napatitig siya sa framed mirror sa sala. Hindi niya malinaw na naaninag ang reflection ng nilalang, ngunit alam niyang nakatayo ito sa bandang likuran niya.

Agad siyang tumayo at gumilid. Katulad ng dati, walang kahit na sino o ano sa puwestong kinatatayuan ng nilalang kanina. Ibinalik niya ang tingin sa salamin at nakitang naroon pa rin ang pangitain.

Huminga siya nang malalim at umupo muli para ituloy ang pagkain. Pagtungo niya ay may nakita siyang puting papel sa sahig. Ibinaba niya ang kamay para abutin iyon.

It was a business card. Kay Hiro Hernandez. Nakalagay ang address at cellphone number nito. Sinadya kaya iyong iwan ng lalaki? Nahulog ba mula sa dining table?

Naalala ni Iris ang picture ng babae sa wallet ni Hiro. Tanging ang mahaba nitong buhok ang kaparehong description ng babaeng multo. Posible kayang ito ang hinahanap ng lalaki?

Ibinaba niya ang card sa ibabaw ng mesa at itinuloy ang pagkain.

Nang mga sumunod na araw ay lalong lumakas ang pagpaparamdam ng kaluluwa ng babaeng may mahabang buhok. Ang mga gamit sa kusina ay nagkakalansingan pagsapit ng alas tres ng umaga at pag katanghaliang tapat ay halos magbaha ang banyo dahil bukas na bukas ang gripo gayong sinisiguro niyang laging mahigpit na nakasara iyon pagkatapos gamitin. Kung talagang may kinalaman ang multong iyon kay Hiro Hernandez, baka dapat ay tawagan niya na ang lalaki at pabayaran dito ang bill ng tubig.

Madalas din na nagigising si Iris dahil sa pakiramdam na may pares ng mga matang nakatunghay sa kanya. At kung saan-saan niya nakikita ang business card ni Hiro Hernandez gayong itinapon na niya iyon.

Pagdating ng ikaanim na araw ay hindi na nakayanan ni Iris ang panggugulo ng multo sa kanya. Hindi na siya nakakatulog nang mahimbing dahil sa mga kumakaluskos sa bahay. Hinahablot din ng nanggagambala ang kanyang kumot at bukas-sara ang pinto ng

kanyang kuwarto.

Pagbangon ay nahagip ng tingin niya ang business card ni Hiro. Nakapatong iyon sa bedside table niya. Kinuha niya ang cellphone at in-input ang mga numero. Ilang beses na nag-ring, pero walang sagot. Baka rin tulog na ang lalaki. It was eleven in the evening. Itinapon niya ang business card sa trash bin niya sa kuwarto.

Paano siya nakasiguro na kapag tinawagan niya ang lalaki ay titigil na sa panggugulo ang multo? Sa totoo lang, nasasanay na siyang kasama ang nilalang na iyon sa bahay niya. Hindi na nga siya natatakot dito. Nag-uumpisa na siyang maasar. Alam niyang mas dapat itong kaawaan. Pero ayaw niya talagang maging tulay sa pagitan ng mga buhay at mga patay. Kaya nga siya nag-resign sa dating trabaho, dahil parang di niya maiwasang gamitin ang espesyal na kakayahan pagdating sa paglutas ng mga kaso.

Nakahiga na siya para bumalik sa pagtulog nang mag-ring ang kanyang cellphone. Tiningnan niya ang caller at agad na sinagot pagkatapos ma-recognize ang number ni Hiro

Hernandez. Bumangon siya at naupo sa kama.

"I missed 3 calls from you."

"Hiro Hernandez?" tanong niya.

"Ako nga."

"Iris Cornelia here."

"I'm glad you called. Payag ka nang tulungan ako?" Naroon ang pag-asam sa tono nito.

"Gusto kong itanong kung may iba ka pang lead sa kaso," aniya.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito. "Wala. It's a cold case."

"Gaano katagal na ba?"

"Mahigit anim na buwan na," sagot ni Hiro. "Actually, kasama ako sa mga humawak ng kaso." Kung ganoon, hindi ang kapatid nito ang dahilan kung bakit ito nagtrabaho sa ahensya. Nasa bureau na ito nang mangyari ang krimen. "Pero dahil hindi umuusad ang imbestigasyon sa kakulangan ng impormasyon, itinambak na muna nila sa mga unresolved cases. Nag-iimbestiga ako kahit nag-iisa, pero kulang ang oras ko dahil sa dami ng trabaho sa bureau."

"May relasyon ka ba sa taong nawawala?" tanong ni Iris. Ramdam niyang mas mahalaga

rito ang taong hinahanap kaysa sa trabaho nito.

“She’s my younger sister,” he said.

Natahimik si Iris. Posible nga kayang ang hinahanap nito ay ang multong nakita niya sa sala?

“Can you forward the case file to my email? Ite-text ko sa ’yo ang email add.”

“Tutulungan mo ’kong hanapin siya?” ulit ni Hiro.

“Don’t get your hopes up. Susubukan ko siyang hanapin sa sarili kong paraan,” mahinahon niyang sagot.

“Thank you! I’ll compensate you.”

“Let’s see how it pans out. Saka na natin pag-usapan ang bayad.” Pinatay na niya ang tawag at pagkatapos i-save ang number ng lalaki ay ipinatong ang cellphone sa bedside table.

Mas gusto niya ang trabaho niya ngayon. Mas tahimik. Walang involved na mga nagmumultong kaluluwa. She’s a Certified Public Accountant and worked as an independent contractor.

Sana pagkatapos nitong kaso ni Hiro,

matapos na rin ang panggagambala sa kanya ng babaeng multo. At sana hindi na niya kailangang tumanggap ng 'ghost' jobs.

Tumayo siya para sumilip sa bintana.

Kita niya ang duyan mula sa kinatatayuan dahil sapat ang liwanag na nanggagaling sa ilaw sa poste. Sanay na siya sa buhay-probinsya. Walang nagtataasang building. Madalang ang eroplano sa himpapawid. Sariwa ang hangin at pagkain.

Nanlamig siya nang mapansing may nilalang na nakatayo sa likuran ng duyan. Nababalot ito ng madilim na aura. Isang kaluluwa na hindi matahimik. Kaluluwa na kinain ng galit.

Nahigit ni Iris ang hininga nang itutok nito ang mga mata sa kanya. Hindi niya maaninag ang mukha nito dahil sa mayabong na mga puno ng mangga.

Bumangon ang takot sa dibdib ni Iris. Mabilis niyang hinila ang kurtina patakip sa bintana. Naupo siya sa kama at umusal ng dasal sa maliit na altar na nakalagay sa bookshelf, sa tabi ng pader sa tapat ng bintana ng silid.

Delikado ang mga ganoong kaluluwa. Sa tindi ng emosyong bumabalot sa kanila ay nagagawa nila ang mga bagay na hindi kayang gawin ng ibang multo. Ngayon lang siya nakakita ng ganoon. She'd only been warned about them by her grandfather.

Halos mapatalon siya sa pagkakaupo nang tumunog ang email notification ng kanyang cellphone. Kinuha niya ang gadget at binuksan ang email.

Galing kay Hiro Hernandez. May kinalaman din kaya rito ang galit na kaluluwang nagpakita sa kanya kanina lang? Hindi niya masabi dahil lagi naman siyang binibisita ng mga multo.

Nagpasya si Iris na matulog na. Bukas na niya babasahin ang laman ng email.

Umaga na nang magising siya. Walang gumambala sa pagtulog niya. Pagkatapos mag-almusal ay inumpisahan na niya ang kasong tinanggap.

Hera Hernandez ang pangalan ng kapatid ng lalaki. Nineteen years old ito nang mawala. She was taking up Journalism at a university in Manila.

Ini-scroll ni Iris ang reports at accumulated

statements mula sa mga taong sangkot.

Huli umanong nakitang buhay si Hera sa isang resort sa Batangas. Tinitigang mabuti ni Iris ang mga pictures nito. Napakunot-noo siya nang mapansin ang damit na suot ng babae. Kulay beige na summer dress na umaabot hanggang sakong. Iyon ang suot ng multong nakita niyang nakaupo sa sala niya.

Kapatid nga ni Hiro ang multong gumagambala sa kanya nitong nakaraang mga araw. Napabuntong-hininga si Iris. Naisuklay niya ang mga daliri sa kanyang buhok. Mas mapapadali ang paghahanap kung tatawagin na lang niya ang kaluluwa nito at tatanungin kung nasaan ang bangkay nito. Pero bawal na bawal iyon ng kanyang lolo.

Ayon sa report, isa sa tinitingnang anggulo ay nakipagtanan ang dalaga kaya ito nawala. Walang kaaway ang dalaga o naging kagalit bago ito nawala. Na-rule out ang kidnapping dahil kahit may-kaya ang pamilya ng biktima, walang nag-demand ng ransom. At ang malaking rason kung bakit elopement ang pinakanaging konklusyon ay dahil pati ang nobyo nito ay nawala rin na parang bula.

Hindi umusad ang imbestigasyon at ipinagpalagay na lamang na nakipagtanan nga ang dalaga. Bagay na hindi pinaniniwalaan ni Hiro.

Ini-off niya ang laptop matapos basahin ang case file ni Hera. Kaysa tawagin ang kaluluwa nito, ang mas tamang gawin ng isang dating imbestigador na tulad niya ay pumunta sa mga lugar kung saan ito naglalagi noong buhay pa ito. Posibleng makita niya rin doon ang multo nito.

# IV

Taga-Batangas ang pamilya ni Hera Hernandez. Bago siya pumunta roon, puwede siyang magtungo sa unibersidad kung saan ito nag-aaral. Kokontakin niya si Hiro para itanong dito ang mga lugar na madalas puntuhan ng kapatid nito. Ang tanong, aware kaya ang lalaki na patay na si Hera o umaasa pa rin ito na makikita pa ang dalaga?

Parang na-imagine niya ang paglungkot ng mga mata ni Hiro kung hindi pa nito alam ang totoo hanggang ngayon.

Sinong pamilya ba ang hindi umaasang

babalik pa ang nawawala nilang kamag-anak kahit gaano katagal na ang lumipas? Dapat ba niyang ipagtapat sa lalaki na patay na ang kapatid nito? It didn’t matter. Buhay man o patay, alam niyang gugustuhin pa rin ni Hiro na mahanap ang kapatid.

Nasimula siyang mag-ayos ng gamit. Mga damit, laptop, IDs. Nasa Nueva Ecija siya, Pulong Diablo sa Barangay Manarog. Mula sa bahay niya, isa’t kalahating oras ang biyahe hanggang sa terminal ng Cabanatuan. Limang oras hanggang Batangas.

Nakapag-book na siya ng room sa mismong resort kung saan huling nakita si Hera. Bago umalis ay tinawagan niya si Hiro Hernandez.

“Si Iris ’to. Papunta na ’kong Batangas, sa resort where your sister was last seen alive. I just thought you should know sakaling mahirap ang signal doon at di mo ’ko makontak.”

“Susunod ako. How long will you be staying there?”

“For at least three days.” Mas mabuti na rin ang wala ito. Mas gusto niyang magtrabaho nang mag-isa dahil hindi niya gustong nalalaman ng ibang tao ang kanyang kakayahan. It was easy to conceal it when she

was working with a team for the bureau. Pero kung one on one niyang makakasama palagi ang katrabaho, mahirap itago ang kakaiba niyang abilidad.

"Okay. See you in three days," Hiro said.

Siguradong nag-iimbestiga rin ang lalaki sa mga oras na ito.

Nagbalik kay Iris ang nakaraan habang naghihintay siya ng masasakyan.

*Wala siyang pasok kapag araw ng Miyerkules at nag-text siya kay SPO1 Madrigal na kung puwede ay pumunta sila sa bahay ng kaibigang si Riva. Nag-text ang officer na darating ito after lunch.*

*Nakauniporme man, napansin niyang magarang kotse at hindi police car ang sasakyan nila.*

*"Kotse mo 'to, Ma'am?" tanong ni Iris.*

*"Yup. My parents are loaded. Judge ang tatay ko at doctor naman ang mama ko." Walang pagyayabang sa tono nito.*

*"Gusto mo talagang maging pulis?" usisa niya habang ikinakabit ang seatbelt sa front passenger seat.*

*Tumangu-tango ito habang minamaniobra ang sasakyan. "Let's just say that I want to*

*change the world."*

*Napangiti siya. "Thanks for agreeing to come with me to Riva's place."*

*"Mas madali kang makakapasok d'un kung kasama 'ko," ani Gwen.*

*"Close naman kami ni Riva kahit paano, pero hindi siya nagkukuwento tungkol sa family niya. Madalang siyang umuwi sa kanila. Hindi ko alam kung bakit."*

*Ang pamilya ni Riva ay nakatira sa Maragondon, Cavite. Nasa tatlong oras ang biyahe mula sa university. Maaaring iyon ang isang dahilan kung bakit bihira itong umuwi.*

*Madalang ang kabahayan sa lugar. Mukhang nakaluluwag sa buhay ang pamilya ni Riva kung pagbabatayan ang laki ng bahay. Dalawang palapag iyon. Ang mga bintana sa itaas ay capiz at tanaw nila iyon mula sa gate.*

*Pinindot ni Gwen ang doorbell. Isang babaeng nakasuot ng puting long sleeves na polo na may kalumaan na at itim na shorts ang lumabas.*

*"Ano po'ng kailangan nila?" magalang nitong tanong. "Ay, Ma'am, kayo pala," sabi nito nang mapatingin kay SPO1 Madrigal.*

*"Magandang tanghali po. SPO1 Gwen*

*Madrigal po ulit. Quezon City Police District," pakilala ni Gwen sabay pakita ng chapa nito. "Galing na po kami dito last week para mag-imbestiga. Okay lang po bang pumasok?"*

*"Ah, sige po..." Bata pa ang babae. Nasa treinta mahigit lang sa tantya ni Iris.*

*"Puwede po ba naming ikutin uli 'yung lugar?" tanong ni Gwen.*

*"Okay lang po." Niluwangan nito ang bukas ng gate. "Bilin po ni Ma'am na pag bumalik kayo, estimahin ko kayong mabuti. Kilala po pala niya ang mama n'yo. Wala pa rin po bang balita?"*

*Umiling lang si Gwen dito.*

*Gustong mapangiwi ni Iris sa kadaldalan ng kasambahay.*

*Iniwan sila ng babaeng nagpakilalang Sonia sa malawak na bakuran ng bahay.*

*"Bakit pala QCPD ang humahawak nitong kaso? Dahil ba posibleng sa university nangyari ang krimen?"*

*Sumagot si Gwen habang naglalakad sa kanyang tabi. "Dahil sa amin nag-report ang mga magulang ni Miss Riva. Dalawang araw na raw na hindi nila makontak ang anak, hindi daw sila agad nag-alala dahil tahimik talaga*

*si Riva. Inisip nila na nagkasalisi lang sila at hindi nila ito naabutan sa dorm, pero dumaan na rin sila sa presinto para i-report na hindi nila siya makontak. Noong ikaapat na araw na at wala pa rin silang balita galing dito, bumalik sila sa dorm. Apparently, pinagtatakpan si Riva ng dormmate niya sa dorm manager at sinasabing umuuwi ito roon kahit hindi o kaya ay nag-overnight sa kaklase dahil may project."*

*"Ang alam ko, umuwi si Riva dito sa kanila last week," sabi niya.*

*"Iyon din ang alam ng mama niya, pero hindi raw nakauwi n'un si Riva. Sabi rin ng roommate niya, nagpaalam nga si Riva na uuwi sa Cavite at mula noon ay hindi pa bumabalik sa dorm. She was last seen walking near TechnoHub. We checked the CCTVs and everything up to the point where she disappeared. Nakarating siya hanggang Dasma, so we concluded na binalak nga talaga niyang umuwi. Pero mula doon wala na kaming makitang lead kung saan siya sumakay o nagpunta. Kung may naiwan lang sana siyang mga gamit at the scene, maaaring makatulong iyon. She didn't notify her parents that she'd be going home. Wala rin daw sumundo sabi ng mga magulang niya."*

*Umihip ang malamig na hangin at iwinasiwas ang mga dahon ng mga halaman sa paligid. Nilipad ang mga tuyong dahon sa paanan niya. Tumayo ang mga balahibo ni Iris sa batok nang maramdamang may pares ng mga matang nagmamasid sa kanya.*

*Kahit ang kasamang pulis ay napatingin sa kanya nang makita ang nililipad na dahon sa kanyang paanan. Napadako ang tingin ni Iris sa isang pinto sa unang palapag. Bahagyang natatakpan iyon ng pink na bougainvillea at green nitong mga dahon na gumapang na halos sa batong pader ng bahay at sa mismong pinto. Kumpol-kumpol ang mga talulot at naghahabaan ang tinik sa mga sanga ng halaman. Nagsiliparan ang mga nalagas na talulot.*

*"May nakikita ka bang hindi ko nakikita?" tanong ni Gwen na nakatitig sa kanya.*

*Sinagot niya ito ng iling. Lumapit siya sa pinto at nakitang wala iyong padlock, pero mukhang nakasusi mula sa loob. Walang doorknob. Masukal ang paligid ng pader, mukhang napabayaan gayong malinis naman ang ibang bahagi ng bakuran.*

*Lumingon siya kay Gwen. "Mukhang*

*bodega." Hinanap nila si Sonia at pinabuksan dito ang bodega.*

*Wala siyang kakaibang naramdaman sa loob. Malabo ang ilaw sa bodega, maraming nagtambak na gamit, at maalikabok doon. Nagpaalam sila kay Sonia na pupuntahan ang kuwarto ni Riva.*

*Matapos silang samahan doon ng katulong ay humingi si Gwen ng tubig dito nang palihim na sabihin niya sa pulis na baka magpapakita si Riva kung mag-isa lang siya roon. Sumama si Gwen kay Sonia pababa sa kusina.*

*May kama at maliit na lamesa sa loob ng silid ni Riva. May built-in cabinet sa isang sulok at life-size mirror sa gilid nito. Lumipat ang mga mata niya sa repleksyon niya sa salamin. Wala siyang nakitang pangitain, ngunit bumigat ang kanyang dibdib. Inilipat niya ang tingin sa mga kurtina na tila nililipad kahit sarado ang pinto at mga bintana.*

*Humakbang siyang bahagya pauna at tumitig sa sahig.*

*"N-nasaan ka, Riva?" nakapikit na tanong niya, naiiyak na. Parang may humaplos na malamig sa kanyang kaliwang pisngi. Batid niyang kung titingin siya sa salamin sa kaliwa*

*ay naroon ang hinahanap.*

*"Tama na."*

*Nagulat siya sa tinig sa kanyang tainga, malamig at parang nag-e-echo.*

*Naguluhan siya sa mensahe ni Riva. Ano ang ibig sabihin ng kaibigan?*

*Nanindig ang kanyang balahibo nang tila may humagod sa kanyang bagsak na buhok.*

*"N-nasaan ka ba? Magpakita ka. Tulungan mo kaming lutasin ang kaso mo."*

*Pumatak ang kanyang luha. Isa si Riva sa mga taong komportable siyang kasama dahil mabait ito at hindi mapanghusga. Binibiyak ang puso ni Iris sa isiping nasa tabi lamang niya ito ngunit nasa magkaibang mundo na sila.*

*"Tumingin ka sa 'kin," mahina nitong sabi.*

*Umiling si Iris at tahimik na umiyak. Lalong naglaglagan ang kanyang luha sa ginawa.*

*"Tingnan mo 'ko."*

*Muli siyang umiling. Hindi ang multo nito ang ayaw niyang makita kundi ang kalunos-lunos na hitsura ng bangkay nito. Iniisip niya kung nagpaalam ba sa kanya si Riva noong magpakita ito sa kanya sa klase nila sa Psychology. Mukha lang itong ordinaryong estudyante nang araw na iyon. Kaya nga ni*

*hindi niya naisip na wala na ito.*

*"Tumingin ka!" utos nito.*

*Tila may malakas na puwersang nagpadilat sa mga mata niya. Dahil nakayuko, una niyang nakita ang mga paang walang sapin. Nababalot ng lupa at putik. Puno ng pasa at maliliit na galos ang mga binti ng kaibigan. Dahan-dahan niyang iniangat ang tingin. Ang mga kamay nitong nasa magkabilang tagiliran ay madumi rin, pati na ang suot nitong T-shirt. At katulad ng mga binti nito, puno rin ng mga pasa at sugat ang maputi nitong mga braso at dibdib.*

*Namalisbis lalo ang luha ni Iris nang mapatunghay sa maamong mukha ng kaibigan. Puno ng dugo ang kaliwang pisngi nito, putok ang labi, at namamaga ang isang mata. Nakatitig ito sa kanya, malamlam ang tingin. Tikom ang bibig nito habang nakamasid sa kanya. Naitakip niya ang nanginginig na kamay sa kanyang bibig, pinipigilan ang paghikbi.*

*Nakarinig siya ng pagkatok mula sa labas.*

*"Neng, ayos ka lang ba diyan?"*

*Narinig ni Iris ang boses ng katulong. Nasaan kaya si SPO1 Madrigal?*

*"Umuwi ka na," bulong ni Riva.*

*Kasabay ng pagbukas ng pinto ay ang*

*pagbagsak niya sa sahig. Narinig niya ang natatarantang boses ng katulong at ang mabibilis na yabag ng isa pa. Marahas niyang pinunasan ang mga pisnging basa ng luha. Itinayo siya ni Gwen at inalalayan siya palabas ng kuwarto.*

*Hindi niya alam kung bakit hindi man lamang sinabi ni Riva kung nasaan ang bangkay nito. Naroon na rin lang ang pagkakataon.*

*Nagpaalam na sila kay Sonia na nakamasid sa kanya, tila nawiwirduhan.*

*Nasa biyahe na sila pabalik nang magawang magsalita muli ni Iris. Ipinagpasalamat niya ang hindi pagtatanong ni Gwen.*

*"She was there," she said softly.*

*Bahagya siyang nilingon ni SPO1 Madrigal. Bumagal ang pagpapatakbo nito ng sasakyan.*

*Huminga siya nang malalim. "Hindi niya sinabi sa akin kung saan siya mahahanap. Ang sabi niya lang 'tama na' at umuwi na ako. Ano sa tingin mo ang ibig niyang sabihin sa tama na?" Pumihit siya medyo paharap sa pulis.*

*Nagkibit-balikat ito. "Totoo ba iyong mga napapanood mo minsan na kung ano iyong 'yung huling suot mo, kung ano ang hitsura mo n'ung maaksidente ka halimbawa, 'yun ang*

*magiging hitsura ng multo mo?" curious nitong tanong.*

*"Hindi ko sigurado. N'ung unang makita ko ang multo ni Riva, na hindi ko pa alam na multo na pala siya, malinis at maayos ang hitsura at pananamit niya. Pero nang makita ko siya kanina, she was covered in dirt. Puno din ng mga pasa at galos ang katawan niya." Muling nag-init ang mga mata niya sa luha sa naalala. "Duguan ang kaliwang parte ng mukha niya."*

*"You don't have to say more."*

*Ilang araw pagkatapos nilang pumunta sa Cavite ay naka-receive siya ng mensahe mula kay SPO1 Gwen Madrigal.*

*Natagpuan na ang bangkay ni Riva.*